# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MARSO 11, 2022, HUWEBES, IKA-9:44 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 04/18/22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 11 APR 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 05-T2022**

**KAUTUSANG BAYANG PINAHIHINTULUTANG GAMITIN ANG KANAN AT KALIWANG BAHAGI NG DAANG A. REGIDOR TUWING ARAW NG HUWEBES AT LINGGO MULA SA SOUTH EMERALD GROCERY HANGGANG SA PAARALANG ELEMENTARYA NG SANTISIMA CRUZ PARA SA OPERASYON NG TIANGGE SA PAMILIHANG BAYAN NA MAGSISIMULA SA MARSO 13, 2022.**

**SAPAGKAT**, nagkaroon ng kahilingan ang Pambayang Administrador Melvin O. Bonza sa atas ng Punong Bayan Edgar S. San Luis na may petsa Marso 9, 2022 na humihiling na magkaroon ng Di-Karaniwang Pulong ang Kagalang-galang Sangguniang Bayan upang talakayin ang tungkol sa pagsasara ng Daang A. Regidor tuwing Huwebes at Linggo mula sa South Emerald hanggang Santisima Cruz Elementary School na gagamitin para sa operasyon ng tiangge sa Pamilihang Bayan na magsisimula sa ika-13 ng Marso, 2022 para sa pang-ekonomiyang pag-unlad ng mga manininda;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay iniliwat sa Lupon sa Pamilihang Bayan para sa pag-aaral at pagsusuri ng bumubuo ng Lupon;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri ay napagkasunduan ang mga sumusunod :

- Ang tiangge ay magbubukas at magsisimula sa ika-13 ng Marso, 2022 sa Pamilihang Bayan
- Ang paglalagay ng kanya-kanyang tent ay mismong sa itinakdang araw ng tiangge na Huwebes at Linggo
- Ang operasyon ng tiangge ay magsisimula sa ika-6:00 ng umaga hanggang ika-6:00 ng gabi

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Mark Anthony P. Joven (Tagapamuno ng Lupon sa Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pangkaing Hayop), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG** : Pagtibayin ang mga sumusunod na:

**SEKSYON 1**. Ang pagbubukas ng Tiangge tuwing Huwebes at Linggo sa Pamilihang Bayan ay magsisimula sa ika-13 ng Marso, 2022 mula ika - 6:00 ng umaga hanggang ika-6:00 ng gabi.

**SEKSYON 2**. Ang magkabilang bahagi ng Daang A. Regidor mula South Emerald hanggang Santisima Cruz Elementary School ang gagamitin para sa operasyon ng Tiangge.

**SEKSYON 3**. Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Tagapangasiwa ng Pamilihang Bayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 11, 2022**

KGG. EFREN L. DIAZ
Kagawad

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN
Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW
ABC Federation President

**Karugtong ng Kautusang Bayan Blg. -5-T2022**



**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN**
Kagawad

**KGG. EFREN L. DIAZ**
Kagawad

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. PATROCINIA S. KALAW**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
04-06-22